

MANIFESTASYON AT PRAKTIKA NG ORTOGRAPIYANG FILIPINO SA APLIKASYONG KWF DIKSI

by:

Jayson Yutuc Mangune

Teacher III, Limay National High School

Ang pag-unlad at pagsasa-intelektuwalisado ng wikang Filipino ay may kaakibat na malaking hamon sa isang guro na mapatuto niya ang kanyang mga mag-aaral, at maging matatas sa wikang pambansa, lalo sa kasakuluyang panahon na mas umuunlad pa ang wikang nagmumula sa mga content creator, memes, at ordinaryong Pilipino na matatagpuan sa iba't ibang social media platforms. Ang mabilis na paglaganap ng mga bagong anyo, gamit, at kahulugan ng wika sa dihital na espasyo ay nagpapakita ng tensiyon sa pagitan ng tamang anyo ng Filipino, at ng dinamiko at popular na paggamit nito.

Sa gitna ng mabilis na pagbabago ng wika, nananatiling mahalaga ang papel ng mga guro bilang tagapagpanatili at tagapamagitan ng wastong gamit ng Filipino. Kaugnay nito, patuloy na ginagampanan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang tungkulin nitong magtakda ng mga pamantayan sa wika sa pamamagitan ng mga opisyal na dokumento at patnubay. Kabilang dito ang Rebisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino (2001), Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino (2009), at ang Ortograpiyang Filipino 2014 na kasalukuyang kinikilalang opisyal na batayan sa wastong baybay, gamit ng salita, at iba pang aspekto ng pagsulat sa Filipino.

Sa kasalukuyan, naglabas ang nasabing ahensiya ng isang mobile application na tinatawag na KWF Diksi na magsisilbing dihital na sanggunian ng diksyonaryo ng wikang Filipino, at kasama sa feature nito ay madaling ma-access na ang ortograpiyang Filipino. Libre itong makukuha mula sa Google Play Store at Apple App Store.

Ayon kay Almario (2014), ang gabay sa ortograpiya o palatitikan ng wikang Filipino ay binubuo ng mga tuntunin kung paano sumulat gamit ang wikang Filipino. Hinango ang mga tuntunin sa mga umiiral na kalakaran sa paggamit ng Wikang Pambansa, bukod sa napagkasunduang mga tuntunin, bunga ng mga forum at konsultasyon, hinggil sa mga kontrobersiyal na usapin sa ispelang. Ninanais palaganapin sa gabay na ito ang estandardisadong mga grafema o pasulat na mga simbolo at ang mga tuntunin sa paggamit at pagbigkas ng mga simbolong ito. Itinatanghal din dito ang mga naganap na pagbabago mula sa panahon ng abakadang Tagalog bunga ng modernisadong alpabeto at bunga na rin ng umuunlad na paggamit sa Wikang Pambansa. Kaya mas mapadadali sa mga mag-aaral at guro kung mayroon silang aplikasyon na KWF Diksi dahil layunin nitong maging gabay sa paghahanap ng kahulugan, tamang baybay, etimolohiya ng salita, mga baryant o kahalintulad na anyo ng salita, at mga mahahalagang impormasyon at tuntunin sa ortograpiyang Filipino. Isa sa magandang feature nito ay kakayahang gumana ito kahit hindi konektado sa internet o ito ay tinatawag na offline application.

Gayunman, ang pagkakaroon ng malinaw na tuntunin at makabagong aplikasyon ay hindi awtomatikong nangangahulugang ganap itong naipatutupad sa aktuwal na praktika ng pagtuturo at pagkatuto. Sa maraming pagkakataon, may agwat sa pagitan ng patakaran at ng aktuwal na paggamit ng wika sa loob ng akademikong espasyo. Ang agwat na ito ay maaaring maiugnay sa antas ng kaalaman ng mga guro at mag-aaral, sa kanilang personal na paniniwala at ideolohiya tungkol sa wika, at sa mga kongkretong hamong kinahaharap nila sa araw-araw na pagtuturo at pagkatuto. Ngunit malaking hakbang ang pagsulong ng ganitong dihital na diksyonaryo bilang isang maaasahang batayan sa pagtiyak ng kalidad at kredibilidad na sanggunian pangwika. Sa ganitong paraan, makatutulong ito sa mga mag-aaral, guro at mga nag-aaral ng wika upang maging buhay, dinamiko, at mapalakas ang wikang Filipino sa modernong panahon.

References:

Komisyon sa Wikang Filipino. (2014). Ortograpiyang Filipino. Komisyon sa Wikang Filipino.

Komisyon sa Wikang Filipino. (2014). Manwal sa Masinop na Pagsulat (V. S. Almario, Ed.). Komisyon sa Wikang Filipino.